



Legal Outreach

Working for Equal Justice in the API Community

TAGSIBOL NA NEWSLETTER 2020 - DAMI 6 - ESPESYAL NA EDISYON

Sumusoprt sa mga Imigranteng Komunidad sa harap ng krisis na dulot ng COVID-19



Ang mga pagbabago sa kautusang manatili sa tahanan ng Estado ng California: Apat na yugto ng plano para sa unti-unting pag-bubukas

Ang pandemya ng COVID-19 ay nananatiling isang matinding dahilan ng pagkakasakit, paghihirap sa ekonomiya, at paghihirap sa kapakanang panlipunan ng ating mga mahininang sekta ng ating komunidad, kasama rito ang mga empleyado na nangangalaga ng ating kalusugan, pagkain, at agrikultura at ang sector ng transportasyon. Habang ang panuntunan na manatili sa tahanan ay kinakailangan para maprotektahan, mapahinto ang pagkalat ng virus, eto naman ay nagresulta sa isang malaking pagka-gambala sa ating local at pambansang ekonomiya. Sa California, si Gobernador Newsom ay naglabas ng Apat na yugto ng plano para sa unti-unting pag-bubukas at pagbabago ng kasalukuyang kautusang manatili sa sariling tahanan.

MGA IMPORMASYON SA LOOB NG ISYUNG ITO:

Ang mga pagbabago sa kautusang manatili sa tahanan ng Estado ng California

Ang mga proyekto ng EJW Fellowship ay ang mga sumusunod:

- **Proyekto tungkol sa Indigenous Peoples' Rights and the Indian Child Welfare Act (ICWA).**
- **Batas na may kaukulan sa mga nakatatanda at Proyekto sa Tagapamagitan**

APILO Legal Services & APILO/AABA/API Council Legal Clinic.

Unang hakbang: Pagiging handa at Kaligtasan

- Ang mga tao ay inuutusang manatili sa kanya-kanyang tahanan at ang mga negosyong hindi mahalaga ay inaatasang mag-sara pansamantala.

STEP 2: Ikalawang hakbang: Mga lugar ng trabaho na mababa ang panganib

- Pagbubukas ng mga lugar ng trabaho na mababa ang panganib na may mga pag-iingat para sa kaligtasan.
- Ang gobyerno ay gumagawa ng paraan para mapalawak ang pagtulong sa mga tao ng may sakit at dapat manatili sa kanilang tahanan.

Ikatlong hakbang: Mga lugar ng trabaho na mataas ang panganib

- Pag-bubukas ng mga lugar ng trabaho na may mataas na panganib, na may mga pagbabago sa panuntunan para sa kaligtasan, at paglalagay ng limitasyon sa laki ng pagtitipon.

Ika-apat na hakbang: Pag-tatapos ng kautusang manatili sa tahanan

- Pag-bubukas ng mga lugar ng trabaho na may mataas na panganib, na may mga pagbabago sa panuntunan para sa kaligtasan, at paglalagay ng limitasyon sa laki ng pagtitipon

Indigenous Peoples' Rights & Indian Child Welfare Act (ICWA)

ICWA Indian Child Welfare Act



Ang APILO ay gumagawa ng paraan upang matugunan ang mga ligal na pangangailan ng mga katutubong komunidad sa Bay Area at upang masiguro na ang mga korte sa Estado at mga ahesya ng tumutulong para sa kapakanan ng mga kabataan ay sumusunod sa mga panuntunan **ng ICWA, tulad ng pagbibigay pansin, pagbibigay sagot sa mga tanong, at pagbibigay ng tulong na angkop sa kultura ng mga katutubo.**

Ang California ay tahanan para sa humigit kumulang na 1/5 ng mga tribo ng mga katutubo na kinikilala ng Gobyernong Pederal at humigit kumulang 723,000 katao na kinikilala bilang mga katutubo.

Ang ICWA ay isang batas Pederal na pinagtibay noon 1979 bilang tugon ng kongresyo sa nakakaalarmang bilang ng mga katutubong pamilya na nasira dahil sa hindi kanaisnais na pag-alis ng mga katutubong bata mula sa kanilang pamilya at pag-lalagay sa mga ito sa mga hindi katutubong bahay ampuhan. Ang mga katutubong kabataang eto ay nakaranas ng matinding pagkawala ng kanilang identidad sa kanilang kultura at koneksyon sa kanilang katutubong komunidad.

Ang Fellowship ay nakatutok upang palakasin ang mga katutubong magulang sa gabay ng mga tagapagtaguyod ng mga katutubo at pagbibigay sa kanila ng impormasyon tungkol sa kanilang karapatan sa ilalim ng ICWA at ang mga tagapagtaguyod ng mga katutubo ay sumusuporta para sa mga kababaihan na biktima ng karahasan sa tahanan. Para sa karagdagang impormasyon maaring tawagan an aming opisina.

Elder Law & Mediation Project : Alternative Dispute Resolution

Ang APILO ay nakikipagugnayan sa mga organisasyon na namamagitan upang makapagbigay ng serbisyong tagapamatigan para sa mga nakakatanda at mga adultong may kapansanan na walang sapat na kakayahan sa SF Bay Area.

Maari lamang po na tumawag sa APILO kung kayo ay interesado sa serbisyong ito.


Ano ang pamamagitan (mediation)? May isang neutral na taong tutulong upang maging tagapamagitan sa dawalang partido na maayos ang mga isyu o problema. Ang layunin ng pamamagitan ay upang matulungan ang dalawang partido na gumawa ng solution na patas para sa kanila. Ang pamamagitan ay tiyak na naaayon para sa mga kaso ng mga nakakatanda, mga pang-aabuso sa nakakatanda, na pangkaraniwang nangyayari sa pagitan ng nakakatanda at ng kanilang kapamilya, tagapagalaga, o isang tao na kung saan ang nakakatanda ay naka-depende para sa pangangailangan nito.

Anong mga kaso ang angkop para sa pamamagitan?

- Mga kaso kung saan nasasangkot ang ibang tao (mga tao na kakilala ng nakakatanda), tulad ng kapamilya o tagapagalaga
- Mga kaso kung saan eto ay mayroong ligal at hindi-ligal na layunin
- Mga kaso kung saan ang isang partido ay ayaw masangkot ang korte at/o ang mga alagad ng batas

Mga halimbawa ng kaso

- Ang isang adultong anak ng nakakatanda ay kumukuha ng pera mula sa bangko ng nakakatanda ng walang pahintulot nito
- Ang isang nakakatanda ay may kasama sa kaniyang tinitirahan na hindi nagbabayad ng renta at ang kasama ng
- nakakatanda ay mapang-abuso sa pananalita, ngunit ang nakakatanda ay naka-depende sa kanyang kasama sa bahay para sa pagkain at tulong na medikal.
- Dahil sa utos na manatili sa sariling tahanan, kami ay naghahanap ng mga paraan upang matulungan ang mga tao na nangangailangan ng tagapamagitan sa tulong ng telepono o video conference.



APILO LEGAL SERVICES & APILO/AABA/API COUNCIL FREE VIRTUAL LEGAL CLINIC



Kung nais mong makipag-usap sa isang abogado para sa ligal na payo, maaari pong tawagan ang aming tanggapan sa **(415) 567-6255 or (510) 251-2846**. Isang empleyado ng APILO ang handang makipagusap sa inyo sa **Korean, Tagalog, Intsik, Hapon, Espanyol, Vietnamese at Ingles.**

Libreng Pangpamayanang Legal na Konsultasyon

Ligal na tulong sa pamamagitan ng telepono o ng video conferencing sa iba't-ibang wika tulad ng:

Intsik, Hapon, Koreano, Mandarin, Tagalog, Espanyol, at Vietnamese.

Mayroon ka bang ligal na mga katanungan na kinasasangkutan

- ❖ Isyu ukol sa Maliliit na negosyo at hindi pangkalakal na pang-ekonomiya
- ❖ Mga karapatan sa upa at nangungupahan
- ❖ *Mortgage at foreclosure*
- ❖ Pag-aaplay para sa Covid relief o tulong galling sa gobyerno
- ❖ Karahasan sa tahanan
- ❖ Pang-aabuso sa matatanda
- ❖ Human Trafficking
- ❖ Problema sa Imigrasyon at pag-renew ng DACA

TUMAWAG NG MARTES O BIYERNES

MULA 2:00 PM HANGGANG 5:00 PM

UPANG MAKIPAG APPOINTMENT

(415) 567-6255 (510) 251-2846



Legal Outreach



API
COUNCIL



ASIAN AMERICAN BAR ASSOCIATION
OF THE GREATER BAY AREA



Nagpapasalamat ang API Legal Outreach sa lahat ng mga taong nagtrabaho sa kabila ng pandemya na ito sa ating komunidad. Salamat sa inyong patuloy na pagtrabaho upang mapanatiling ligtas at malusog ang lahat. Maraming Salamat.

WWW.APILEGALOUTREACH.ORG | (415) 567-6255 | (510) 251-2846 | (209) 466-0721